

IRB# _____

University of California, San Francisco (UCSF Health)

Pahintulot na Gumamit ng Personal na Impormasyon sa Kalusugan para sa Pananaliksik

Pamagat ng Pag-aaral (o Numero ng Pag-apruba ng IRB kung maaaring lumabag ang pamagat ng pag-aaral sa pagkapribado ng Kalahok):

Pangalan ng Pangunahing Imbestigador:

Tagapagtaguyod/Ahensiyang Nagpopondo (kung pinondohan):

A. Ano ang layunin ng form na ito?

Pinoprotektahan ng mga batas sa pagkapribado ng estado at pederal ang paggamit at pagpapalabas ng iyong impormasyon sa kalusugan. Sa ilalim ng mga batas na ito, hindi maaaring ilabas ng University of California o ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ang iyong impormasyon sa kalusugan para sa mga layunin ng pananaliksik maliban kung magbibigay ka ng pahintulot. Ang iyong impormasyon ay ibibigay sa pangkat ng pananaliksik na kinabibilangan ng mga mananaliksik, mga taong nagtatrabaho sa Unibersidad o sa tagapagtaguyod na gagawa sa pananaliksik at mga taong may awtoridad na pangasiwaan ang pananaliksik. Kung magpasya kang magbigay ng iyong pahintulot at lumahok sa pag-aaral, kailangan mong pirmahan ang form na ito pati na rin ang Form ng Pahintulot. Inilalarawan ng form na ito ang iba't ibang paraan na maaaring ibahagi ng **UCSF Health** ang iyong impormasyon sa mananaliksik, pangkat ng pananaliksik, tagapagtaguyod at mga taong may responsibilidad sa pangangasiwa. Gagamitin at poprotektahan ng pangkat ng pananaliksik ang iyong impormasyon tulad ng inilarawan sa nakalakip na Form ng Pahintulot. Gayunpaman, sa sandaling ibigay ng **UCSF Health** ang iyong impormasyon sa kalusugan, maaaring hindi ito maprotektahan ng mga batas sa pagkapribado at maaaring maibahagi sa iba. Kung mayroon kang mga katanungan, magtanong sa isang miyembro ng pangkat ng pananaliksik.

B. Anong Personal na Impormasyon sa Kalusugan ang ilalabas?

Kung magbibigay ka ng pahintulot at lagdaan ang form na ito, pinapayagan mo ang **UCSF Health** na ibahagi ang mga sumusunod na talaang medikal na naglalaman ng iyong Personal na Impormasyon sa Kalusugan. Ang iyong Personal na Impormasyon sa Kalusugan ay kinabibilangan ng impormasyong pangkalusugan sa iyong mga talaang medikal, talaan sa pananalapi at iba pang impormasyon na maaaring makakilala sa iyo.

- | | | |
|--|--|---|
| <input type="checkbox"/> Buong Talaang Medikal | <input type="checkbox"/> Mga Ulat sa Laboratoryo at Patolohiya | <input type="checkbox"/> Departamento ng Emerhensiya Mga Talaan |
| <input type="checkbox"/> Ambulatory na Klinik | <input type="checkbox"/> Mga Dental na Talaan | <input type="checkbox"/> Mga tala ng pananalapi |
| <input type="checkbox"/> Mga Tala sa Progreso | <input type="checkbox"/> Mga Ulat sa Operasyon | <input type="checkbox"/> Mga Ulat sa Imaging |
| <input type="checkbox"/> Iba pang mga Ulat sa Pagsubok | <input type="checkbox"/> Buod ng Paglabas | <input type="checkbox"/> Kasaysayan at mga Pisikal na Pagsusuri |
| <input type="checkbox"/> Iba pa (ilarawan):
_____ | <input type="checkbox"/> Pagkonsulta | <input type="checkbox"/> Mga Sikolohikal na Pagsubok |

C. Kailangan ko bang ibigay ang aking pahintulot para sa ilang partikular na paggamit?

Oo.

Ang pangkat ng pananaliksik ay mangongolekta din ng impormasyon mula sa iyong talaang medikal na minarkahan sa check box. Ang sumusunod na impormasyon ay ilalabas lamang kung magbibigay ka ng partikular na pahintulot sa pamamagitan ng paglagay ng iyong inisyala sa (mga) linya.

- Sumasang-ayon ako sa pagbabahagi ng impormasyon na nauugnay sa pag-abuso sa droga at alkohol, pagsusuri o paggamot. _____ (inisyal)
- Sumasang-ayon ako sa pagbabahagi ng impormasyon sa pagsusuri para sa HIV/AIDS . _____ (inisyal)
- Sumasang-ayon ako sa pagbabahagi ng impormasyon sa pagsusuring genetiko . _____ (inisyal)
- Sumasang-ayon ako sa pagbabahagi ng impormasyong nauugnay sa diagnosis o paggamot sa kalusugan ng isip . _____ (inisyal)

D. Sino ang magbubunyag at/o makakatanggap ng aking Personal na Impormasyon sa Kalusugan?

Ang iyong Personal na Impormasyon sa Kalusugan ay maaaring maibahagi sa mga taong ito para sa mga sumusunod na layunin:

1. Sa pangkat ng pananaliksik para sa pananaliksik na inilarawan sa nakalakip na Form ng Pahintulot;
2. Sa iba pa sa UC na may awtoridad na pangasiwaan ang pananaliksik
3. Sa iba pa na inaatasan ng batas na magsuri sa kalidad at kaligtasan ng pananaliksik, kasama ang: Mga ahensya ng gobyerno ng Estados Unidos, tulad ng Food and Drug Administration o ang Office of Human Research Protections, ang tagapagtaguyod ng pananaliksik o ang mga kinatawan ng tagapagtaguyod kasama ang ngunit hindi limitado sa organisasyon ng kontratang pananaliksik (CRO), o mga ahensya ng gobyerno sa ibang mga bansa.

E. Paano ibabahagi ang aking Personal na Impormasyon sa Kalusugan para sa pananaliksik?

Kung sumasang-ayon ka na lumahok sa pag-aaral na ito, maaaring ibahagi ng pangkat ng pananaliksik ang iyong Personal na Impormasyon sa Kalusugan sa mga sumusunod na paraan:

1. Upang magsagawa ng pananaliksik
2. Ibahagi ito sa mga mananaliksik sa U.S. o sa ibang bansa;
3. Gamitin ito upang mapagbuti ang disenyo ng mga pag-aaral sa hinaharap;
4. Ibahagi ito sa mga kasosyo sa negosyo ng tagapagtaguyod; o
5. Magsumite ng mga aplikasyon sa U.S. o sa mga ahensya ng gobyerno ng ibang bansa upang makakuha ng pag-apruba para sa mga bagong gamot o mga produkto sa pangangalaga ng kalusugan.

F. Kailangan ko bang pirmahan ang dokumentong ito?

Hindi, hindi mo kailangang pirmahan ang dokumentong ito. Makakatanggap ka ng parehong klinikal na pangangalaga kung hindi mo pipirmahan ang dokumentong ito. Gayunpaman, kung hindi ka pipirma sa dokumento, hindi ka makakasali sa siyentipikong pag-aaral na ito.

G. Opsyonal na aktibidad ng pananaliksik

Walang mga opsyonal na aktibidad ng pananaliksik.

Ang pananaliksik na sinasang-ayunan kong lahukan ay may karagdagang opsyonal na aktibidad sa pananaliksik tulad ng paglikha ng isang database, isang imbakan ng tisyu o iba pang mga aktibidad, tulad ng ipinaliwanag sa akin sa proseso ng may kabatirang pahintulot, naiintindihan ko na maaari kong piliin na sumang-ayon na ibahagi ang aking impormasyon para sa mga aktibidad na iyon o hindi.

Sumasang-ayon ako na payagang isiwalat ang aking impormasyon para sa karagdagang opsyonal na mga aktibidad ng pananaliksik na ipinaliwanag sa proseso ng may kabatirang pahintulot . _____
(inisyal)

H. Mapapaso ba ang aking pahintulot?

Itong pahintulot na ibahagi ang iyong Personal na Impormasyon sa Kalusugan ay mapapaso kapag natapos ang pananaliksik at natapos na ang lahat ng kinakailangang pagsubaybay sa pag-aaral.

I. Maaari ko bang kanselahin ang aking pahintulot?

Maaari mong kanselahin ang iyong pahintulot anumang oras. Maaari mong gawin ito sa dalawang paraan. Maaari kang sumulat sa mananaliksik o maaari mong hilingin sa sinuman sa pangkat ng pananaliksik na bigyan ka ng form na punan upang kanselahin ang iyong pahintulot. Kung kinansela mo ang iyong pahintulot, maaaring hindi ka na kalahok sa siyentipikong pag-aaral. Maaari mong tanungin ang sinuman sa pangkat ng pananaliksik kung makakaapekto ang pagkansela sa iyong medikal na paggamot. Kung kakanselahin mo, ang impormasyong nakolekta at nailahad na tungkol sa iyo ay maaaring magpatuloy na gamitin para sa mga limitadong layunin. Gayundin, kung iniaatas ito ng batas, maaaring magpatuloy ang tagapagtaguyod at mga ahensya ng gobyerno na tingnan ang iyong mga talaang medikal upang masuri ang kalidad o kaligtasan ng pag-aaral.

J. Lagda

Kalahok

Kung sumasang-ayon ka sa paggamit at pagbahagi sa iyong Personal na Impormasyon sa Kalusugan, mangyaring i-print ang iyong pangalan at lumagda sa ibaba. Bibigyan ka ng isang kopya ng nalagdaang form na ito.

Pangalan ng Kalahok (i-print)–*kailangan*

Lagda ng Kalahok

Petsa

Magulang o Legal na Awtorisadong Kinatawan

Kung sumasang-ayon ka sa paggamit at pagbahagi sa Personal na Impormasyon sa Kalusugan ng Kalahok na pinangalanan sa itaas, mangyaring i-print ang iyong pangalan at lumagda sa ibaba.

Pangalan ng Magulang o Legal na Awtorisadong Kinatawan (i-print)

Kaugnayan sa Kalahok

Lagda ng Magulang o Legal na Awtorisadong Kinatawan Petsa

Saksi

Kung binabasa ang form na ito sa Kalahok dahil hindi niya mabasa ang form, dapat may saksi at kailangang i-print niya ang kanyang pangalan at lumagda dito:

Pangalan ng Saksi (i-print)

Lagda ng Saksi

Petsa